

Pagsusulong ng peministang aksyon para sa hustisya sa klima

Panimula

Nilalayong tiyakin ng Global Alliance for Green and Gender Action¹ (GAGGA) na ang mga pamahalaan, mga mamumuhunan, at mga *donor* ay tumutugon sa kolektibong kahilingan ng mga kilusan para sa makataong hustisya sa klima, at mga kilusan para sa karapatan ng mga kababaihan mula sa mga bansang kabilang sa *Global South*. Ang kababaihan² ay partikular na nangunguna sa walang humpay na pakikibaka laban sa pangangamkam ng lupa, pagkaubos ng kagubatan, at pagkuha ng likas na yaman, gayundin sa pagpapalakas at pagsusulong ng mga solusyon sa klima na makatarungan sa usapin ng kasarian na tumitiyak sa pangangalaga sa lahat ng tao at sa mundo.



Mahalagang sandali ang taong 2021 sa pagkilos at agarang pag-aksyon ng mga tagapagdesisyon upang maiwasan ang malawakang *disaster* dahil sa klima. Ika nga ni UN Secretary-General António Guterres, ang isinalarawan ng mga *climate scientist* ay dapat na maunawaan bilang isang 'code red para sa sangkatauhan'. Sa kabutihang palad, ang mga panawagan ng kilusan para sa hustisya sa klima ay mas nagiging tampok sa mga pang-klimang talakayan at negosasyon. Noong 2021, lumaki ang espasyo upang isulong ang mga peminista at interseksyonal na mga pananaw upang matugunan ang mga krisis pangkalikasan at pangklima, partikular sa internasyonal na antas. Sa hanay ng mga taga-pamahalaan, mga ahensyang *intergovernmental*, at mga nagpopondo, lumalaki ang pagkilala sa patong-patong na aspeto ng krisis sa klima at ang mga kaugnay na historikal na sistema ng pang-aapi, kabilang ang kapitalismo, patriarkiya, kolonyalismo at rasismo. Kabilang sa mga halimbawa nito ay ang UN Generation Equality Forum, kung saan ang isa sa anim na Action Coalition ay nakatuon sa peministang aksyon para sa hustisya sa klima; ang UN Climate Change Conference (COP26), kung saan nagmula ang *momentum* upang ipatupad ang Gender Action Plan na napagkasunduan sa COP25; at ang 2022 UN Commission on the Status of Women (CSW66), na nakatuon sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa konteksto ng pagbabago sa klima, at mga patakaran at programa sa pagbabawas ng panganib sa kalikasan at kalamidad.

Sa taong 2021 nakamit ang ilang mga kongkreto at ubos-lakas na ipinaglabang tagumpay. Sa isang resolusyong ipinasa ng United Nations Human Rights Council, kinikilala ang pag-*access* sa isang malusog at sustenableng kalikasan bilang unibersal na karapatan. Ito ay magpapalakas sa mga landas upang matugunan ang mga krisis sa kalikasan at klima sa pamamagitan ng pamamaraang nakabatay sa karapatang pantao. Ang mga pamahalaan ay nagbigay ng ilang susing pangako sa COP26. Kabilang dito ang unti-unting pagpapababa ng paggamit ng *coal*, pagbabawas sa mga emisyon ng *methane*, at pagwawakas ng pagkakalbo ng kagubatan sa 2030. Dumarami ang bilang ng pampubliko at pribadong aktor na nagbigay ng pangakong hindi mamumuhunan sa *fossil fuel*. Bukod dito, inutusan ng isang *Dutch court* ang Shell na magbawas ng kanilang *carbon emission*. Ito ang unang pagkakataon na ang isang kumpanya ay ligal na napilitang i-ayon ang mga patakaran nito sa Paris Agreement, ang pandaigdigang balangkas na napagkasunduan noong 2015 na naglalayong limitahan ang pag-init ng daigdig nang mas mababa sa 2°C at ituloy ang mga pagsisikap na limitahan ito sa 1.5°C.

¹ Inilunsad noong 2016, ang GAGGA ay isang konsorsiyum na pinamumunuan ng [Fondo Centroamericano de Mujeres](#) (FCAM), sa pakikipagtulungan ng [Mama Cash](#) at [Both ENDS](#). Pinakikilos ng GAGGA ang kolektibong kapangyarihan ng mga kilusan para sa karapatan ng kababaihan, at para sa hustisya sa klima at kapaligiran sa iba't-ibang panig ng mundo.


² Sa paggamit ng GAGGA sa terminong kababaihang nagtatanggol sa kapaligiran, kabilang rito ang kababaihan, mga batang babae, mga *intersex*, *trans*, at *non-binary*.

Nananatili ang matitinding hamon

Marami pa ang kailangang gawin. Hindi sapat ang ginagawa ng mga pandaigdigang aktor upang matugunan ang mga ugat na sanhi ng krisis sa klima. Ang pandaigdigang *carbon emission* noong 2021 ay ang pinakamataas sa kasaysayan. Kailangan pang tuparin ng mga pamahalaan ang kanilang mga pangako sa Paris, kabilang ang pamumuhunang pangklima. Ang mga industriya ng *fossil fuel* ay nakatatanggap pa rin ng malaking subsidiya. Gayundin, ang pribadong sektor at mga aktor tulad ng mga internasyonal na institusyong pinansyal ay patuloy na nagsusulong at sumusuporta sa mga huwad na solusyon sa klima. Ang COP26 ay itinuring na pinaka-eksklusiyonaryo sa kasaysayan, kung saan ang mga restriksyon kaugnay ng COVID-19, kawalan ng *access* sa mga bakuna, kakulangan na abot-kayang tirahan, at iba pang mga hadlang ay lubhang nagbigay ng limitasyon sa mga kalahok mula sa Global South.

Samantala, sa pambansa at lokal na antas, ang mga *civil society organisation*, mga kilusang panlipunan, at mga komunidad ay humarap sa marami at magkakaugnay na sosyo-ekonomiko at pangkalikasang panggigipit – na pinalala ng pandemya – kabilang ang kahirapan, hindi pagkakapantay-pantay ng lahi at kasarian, kawalang-katatagan sa pulitika at mga kalamidad na nauugnay sa klima. Ang mga kababaihang nagtatanggol sa kapaligiran sa buong mundo ay patuloy na nahaharap sa karahasang istraktural, kabilang ang karahasan na itinataguyod ng estado at *corporate extractivism*. Ngayon, higit kailanman, mahalaga ang gawain ng GAGGA.

GAGGA sa 2021: Mga Susing Bilang



Mga Susing Bilang


Minarkahan ng taong 2021 ang una sa bagong programa ng GAGGA na 'Mga Kababaihang Nangunguna sa Aksyong Pangklima,' na nakabatay sa mga resulta at sa matatag na network na itinatag namin mula noong 2016. Nagbigay ang GAGGA ng halagang €4.4 milyon sa mga *partner* sa network ng GAGGA. Kasama sa mga *partner* ng GAGGA ang iba't ibang organisasyong community-based organization (CBO) na pinamumunan ng kababaihan. Pinangungunahan ng mga ito ang transpormatibong aksyon sa klima na makatarungan sa kasarian, mga pondo para sa kababaihan at para sa hustisyang pangkalikasan, at mga NGO.

Noong 2021, sinuportahan ng GAGGA ang:



358 CBO | **28** NGO | **24** pondo

Ibinigay ang GAGGA **€4.4 million** sa mga subsidyong ibinibigay sa mga kasosyo sa network



Rehiyonal na Distribusyon ng CBO





Rehiyonal na Distribusyon ng mga Pondo at NGO



Pangunahing Pagkakakilanlan ng Komunidad ng CBO



Hatian ng Badyet: Mga Pondo at NGO



2021 Pinakamatingkad na Kaganapan



Si Marcia Mura [nakalarawan sa kaliwa] ay bahagi ng Mura indigenous collective sa Brazil, na lumalahok sa rehiyonal at pambansang kilusang katutubo na nakikipaglaban para sa mga karapatang panlipunan at pangkalikasan.

1. Pagpapalakas ng lokal na pamumuno ng kababaihan, *resilience*, at mga kakayahan upang isulong ang mga aksyon at solusyon sa klima na makatarungan sa kasarian

Nagbigay ang GAGGA ng iba't ibang suportang pinansyal at di-pinansiyal sa mga CBO upang palakasin ang kanilang mga gawain patungkol sa mga pangklimang pagkilos na makatarungan sa kasarian. Sa tulong ng GAGGA, nag-organisa ang **Women in Action Against Mining in Asia (WAMA)** ng bahaginan ng kasanayan sa hanay ng kababaihan mula sa Indonesia, West Papua, Mongolia, Philippines, India, at Cambodia. Ito ay nakatuon sa epekto ng mga industriyang *extractive* sa tubig. Dahil sa COVID-19, ang bahaginan ng kasanayan ay ginanap online sa tatlong *virtual space*. Ang mga virtual space na ito ay nakapagpalabas sa lokal na kaalaman, karanasan at tradisyonal na paraan ng mga kababaihan sa pangangalaga sa tubig; nagbigay ng pagsasanay para sa pagsisiyasat sa mga epekto ng mga operasyon ng pagmimina sa mga pinagkukunan ng tubig; at pinalakas ang pag-unawa tungkol sa relasyon ng kababaihan sa tubig, at kung paano ang mga banta sa tubig ay banta sa mga karapatan ng kababaihan.

Sa Uganda, nagsagawa ang **Africa Institute for Energy Governance (AFIEGO)** ng ilang pakikipag-ugnayan sa lokal na komunidad noong 2021 para bigyang kapangyarihan ang kababaihan, kabataan at matatanda na may kaalaman sa mga benepisyo ng- *access* sa *off-grid* na *solar energy*. Naitatag ang mga solar club ng kababaihan at kabataan, upang suportahan ang karagdagang gawaing pang-*adbokasiya*. Sa pamamagitan ng mga club, nakipagtulungan sa mga lokal na komunidad ang mga kababaihan at kabataan upang itaguyod ang paggamit ng *off-grid solar energy* gayundin ang malinis na pagluluto at pag-iilaw. Sa suporta ng AFIEGO, nagsagawa rin sila ng *adbokasiya* upang pataasin ang pakikilahok ng kababaihan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga patakaran sa malinis na enerhiya, lalo na sa pagpapataas ng paggamit ng *renewable energy* sa antas ng komunidad. [Iniulat kamakailan ng Kawanihan ng Estadistika ng Uganda na ang mga koneksyon ng solar energy ay tumaas mula 18% noong 2017 hanggang 39% noong 2020.](#) Sa pamamagitan ng kanilang gawain, ang AFIEGO, kasama ang mga kababaihan at kabataan mula sa mga *solar club*, ay umaasa na patuloy silang makapag-aambag sa pagtaas na ito.

Pinahusay rin ng mga *partner* na pondo at NGO ng GAGGA noong 2021 ang kanilang mga kakayahan upang makilahok, manguna, magdokumento at/o magsulong ng mga solusyon sa klima na makatarungan sa kasarian. Sa pamamagitan ng pamumuno ng **Fondo Acción Solidaria, A.C. at Fondo Semillas**, at sa suporta ng Both ENDS at FCAM, nakabuo ang mga pondong pangkababaihan at katarungang pangkalikasan sa Latin America ng magkasanib na estratehiyang pangkomunikasyon at pang-*adbokasiya* upang palakasin ang kanilang kolektibong gawain sa larangan ng katarungan sa kasarian at klima. Ang proseso ay pinadali at sinuportahan ng La Sandía Digital, isang peministang organisasyong pang-*estrategikong komunikasyon*. Ito ay nagbigay ng dagdag kaalaman sa mga kalahok sa epektibong komunikasyon para sa kasarian at katarungan sa klima.

Ang **Colectivo CASA**, na nakikipagtulungan sa mga katutubong komunidad sa Bolivia, ay nagbigay ng pangkalikasang pagsasanay sa mga babaeng tagapagtanggol na apektado ng pagmimina sa Oruro. Katuwang nilang binuo at ipinatupad ang kampanyang pinatakbo ng

komunidad na ['Mujeres Defensoras Promoviendo la Justicia Climatica'](#) (Mga kababaihang tagapagtanggol at nagtataguyod ng hustisya sa klima) na nakaasa sa mga sistemang gumagamit ng tubig-ulan. Ang tubig na naipon ay ginagamit para sa produksyon ng pagkain, na nag-aambag sa soberanya at seguridad sa pagkain ng komunidad. Muling ginamit ng mga komunidad ang mga boteng PET para sa *trickle irrigation*, nagpinta sa mga tangke ng tubig ng mga mensaheng nagtataas sa kamalayan, at nagsisikap na matiyak ang pagpapanumbalik ng kagubatan upang maprotektahan ang mga lokal na pinagkukunan ng tubig.

2. Pag-uugnay ng klima, kapaligiran at mga kilusan para sa karapatan ng kababaihan

Ang pakikipag-ugnayan ay isang mahalagang bahagi ng gawain ng GAGGA. Ito ay nag-aambag sa pagbabahagi ng kaalaman at sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga *partner* ng *network* mula sa isa't-isa. Upang ilunsad ang unang taon ng bagong programa ng GAGGA, nag-organisa ang mga miyembro ng aliyansa ng GAGGA ng tatlong *virtual session* upang pasiglahin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga *partner*, bumuo ng kolektibong pag-unawa sa bagong programa, at tukuyin at palakasin ang mga kolektibong interes, *momentum* at mga rekurso. Pinagsama-sama ng mga sesyon ang higit sa 80 katao mula sa mga miyembro ng aliyansa ng GAGGA, mga estratehikong kaalyado, mga *partner* na pondoo, mga NGO, at mga CBO.

Ang pagkabuo ng mga bagong *cross-movement partnership* upang isulong ang mga solusyon sa klima na makatarungan sa kasarian - at pagpapalakas ng mga umiiral na - ay isang susing tutok ng mga *partner* ng GAGGA noong 2021. Sa Africa, ipinagpatuloy ng **WoMin** ang pagbuo ng **Africa Climate Justice Collective (ACJC)**, na naglalayong suportahan ang pag-oorganisa, pagbuo ng kilusan, at pagtatagpo, na may espesyal na tuon sa pag-oorganisa ng kababaihan at mga tinig para sa hustisya sa klima. Noong Mayo, idinaos ng ACJC ang una nitong *sub-regional* na pagtitipon, ang Francophone Climate Justice Gathering sa Cote d'Ivoire. Ito ay dinaluhan ng humigit-kumulang 32 kalahok mula sa 14 na bansa sa Hilaga, Kanluran, at Gitnang bahagi ng Africa. Ang kaganapan ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalalim ng kilusan ng hustisya sa klima sa buong rehiyon, na tinatanggap ang pagkakaiba-iba ng wika, kultura, etnisidad, at mga sektor.

Inorganisa ng **350.org**, isa sa mga estratehikong kaalyado ng GAGGA, ang [Global Just Recovery Gathering](#), noong Enero. Ito ay isang tatlong-araw na pagtitipon ng libu-libong mga pinuno at aktibista ng klima mula sa buong mundo. Itinampok dito ang 196 na sesyong isinalin sa siyam na wika, na may higit sa 80 na panelista at mga artista mula sa 33 bansa. Ang pagtitipon ay nagkaroon ng malakas na pagtutok sa hustisya sa kasarian sa kabuuan at may kasamang 14 na sesyon na may partikular na peministang lente, kabilang ang dalawang inorganisa ng GAGGA: [Equity, solidarity at collective care for people and nature – Gender-just-community-based system and practices for a just recovery](#), at [Cross-movement collaborations para sa isang mas makatarungang mundo sa usapin ng kasarian at klima – Mga karanasan mula sa GAGGA](#).

3. Ang pag-impluwensya sa mga pamahalaan, mamumuhunan, at donor para sa mga solusyon sa klima na makatarungan sa kasarian

Pinangunahan ng mga miyembro at *partner* ng GAGGA ang iba't ibang inisyatiba ng pagla-*lobby* at adbokasiya upang impluwensyahan ang mga pamahalaan, mamumuhunan, at mga donor noong 2021. Sa pamamagitan ng suporta ng **LILAK**, sa Pilipinas, bumuo ang mga katutubong kababaihan mula sa iba't ibang komunidad ng mga *task force* para isulong ang kanilang *agenda* sa 2022 na halalan. Kabilang dito ang panawagan para sa hustisya sa kasarian at klima. Ang mga *task force* ay lumahok sa mga kampanya, kasama ang iba pang mga kilusan at *network* upang matiyak na ang boses ng katutubong kababaihan ay kasama sa kanilang mga *agenda*. Sa huli, tatlong mahahalagang pambansang *agenda* ang nagsama sa *electoral agenda* ng Katutubong kababaihan: ang Green Agenda, na binuo ng mga environmentalist at aktibista ng hustisya sa klima; ang Women's Agenda, na binuo ng malawak na pambansang kilusan ng kababaihan; at ang Indigenous Peoples' Agenda, na binuo ng iba't ibang pambansa at rehiyonal na pormasyon ng mga grupo ng mga katutubo. Ang mga pambansang *agenda* ay bahagi ng mga kampanyang pang-adbokasiya noong 2022 na halalan.

Mula noong 2017, inorganisa ng mga *partner* ng GAGGA mula sa Latin American ang taunang kampanyang **#WeWomenAreWater**, mula Pandaigdigang Araw ng Kababaihan (Marso 8) hanggang sa Pandaigdigang Araw ng Tubig (Marso 22). [Noong 2021, ginawang pandaigdigang ng GAGGA at mga partner nito ang kampanya sa pamamagitan ng pagsali sa mga partner mula sa Africa at Asia](#). Ang layunin ay ipaalam sa mga pamahalaan, mamumuhunan at mga internasyunal na bangkong pangkaunlaran kung paano humahantong ang mga pamumuhunan/aksyon kaugnay ng *fossil fuel* sa kakapusan at kontaminasyon ng tubig na nauugnay sa pagbabago ng klima sa mga komunidad, gayundin ang papel at pamumuno ng kababaihan bilang mga tagapagtanggol ng tubig. Pinagsama-sama ng kampanya ang iba't ibang mga *partner* na organisasyon sa loob ng GAGGA upang bumuo ng isang malakas na platapormang pang-adbokasiya na may kaugnayan sa mga katubigan at karapatan ng kababaihan. Humigit-kumulang 37 organisasyon ang lumahok sa kampanya sa Twitter, Facebook at Instagram, na nagpapakita ng 19 na kwento mula sa mga *partner* sa Bolivia, Guatemala, Honduras, India, Indonesia, Mongolia, Nigeria, Peru, at South Africa. Nakatanggap ang kampanya ng halos 3,000 na *page view* sa GAGGA *website*. Ang GAGGA *Twitter page* ay nakakuha ng 48.7K impression at binisita ng higit sa 9,000 beses sa panahon ng kampanya.

Noong Oktubre, ipinagdiwang ng GAGGA ang isang signipikanteng resulta nang ang ABP, ang *Dutch National Civil Pension Fund*, ay nag-anunsyo ng isang matibay na patakaran upang ibenta ang mga pamumuhunan sa mga producer ng karbon, langis at gas sa 2023. Ang desisyong ito ay kasunod ng mga taon ng pangangampanya ng Both ENDS, kasama ang mga *partner* sa Brazil, Nigeria at Uganda, na nakapagsalita at nakipag-ugnayan nang direkta sa ABP tungkol sa mga pamumuhunan at responsibilidad nito para sa mga paglabag sa karapatang pantao at kapaligiran sa kanilang mga lokalidad. Sa Nigeria, ang mga *partner* na Nigerian na sina **Kebetkache, Obelle Concerned Citizens, at Lokiaka** ay nakipag-dayalogo sa ABP at Shell Nigeria sa iba't ibang isyu. Kabilang sa mga isyu ang paglahok ng kababaihan sa mga negosasyon at proseso ng pagdedesiyon patungkol sa pamamahala ng langis, regular na *gas flaring*, at ang pangangailangan para linisin ng Shell ang maruming tubig at lupang sakahan.

Patuloy ang adbokasiya ng GAGGA ukol sa Green Climate Fund (GCF) upang matiyak na ang pagpopondo ng GCF ay ginagastos sa paraang makatarungan sa kasarian at umaabot sa mga lokal na CBO na pinangungunahan ng kababaihan. Noong 2021, tatlong impormal na bahaginan at *learning session* ang ginanap kasama ang 12 na partner ng GAGGA na nakikibahagi sa mga proseso ng pananalapi ng GCF/klima sa pambansang antas. Ang mga *learning session* ay nagpahusay sa kapasidad, kaalaman, at pagkakaisa sa pagitan ng mga NGO na nagtataguyod sa kanilang mga pamahalaan (lokal at pambansa). Dagdag dito, ang Both ENDS ay patuloy na direktang nakikipag-ugnayan sa GCF Board, aktibong nakikibahagi sa mga online na pulong ng board at sa pagbuo ng magkasanib na mga *input* sa mga iminungkahing akreditasyon at mga panukala sa proyekto. Nagbigay ng feedback sa GCF Secretariat ang Both ENDS at ang mga partner na **International Analog Forestry Network (IAFN)**, **CENDEP Cameroon at Proyecto Ayurveda** sa Puerto Rico sa Sectoral Guidelines patungkol sa Ecosystems at Agricultures. Kinikilala na ngayon ang Agroecology bilang isa sa mga layunin sa burador ng Sectoral Guidelines, na ihahapag sa GCF Board sa 2022.

Nakipagtulungan ang GAGGA sa mga estratehikong kaalyado na Global Greengrants Fund, Prospera at WEDO para mapangunahan ang mga aksyon upang impluwensyahan ang mga pangunahing tagapag-desisyon sa mahahalagang espasyo. Pinagsama-sama ng apat na bahaging virtual series na 'Sustainable Solutions – Centering Gender Equality in Climate Action' ang higit sa 30 kinatawan mula sa iba't ibang mga donor ng gobyerno at mga pribadong *European foundation* upang kolektibong talakayin ang kahalagahan ng pagsuporta at pagbibigay rekurso sa aksyong pangklima na pinangungunahan ng kababaihan, gayundin ang mga resulta at mga aral mula sa mga nagpopondo na sumusuporta sa gawaing ito, at mga susing oportunidad. Bilang bahagi ng **Feminist Action for Climate Justice action coalition**, isa sa anim na *action coalition* ng *Generation Equality Forum*, ang GAGGA at Global Greengrants Fund ay naglunsad ng [commitment campaign](#) upang makapagmobilisa ng \$100 milyon para sa aksyong peminista para sa hustisya sa klima para sa susunod na limang taon. Kasama sa kampanya ang pangakong *flexible* at higit-sa-isang-taong suporta sa mga organisasyong pinamumunuan ng mga kababaihan, babae, at trans, non-binary at intersex na nagtatrabaho sa mga frontline ng aksyong pangklima. Ang pamahalaang Dutch ay sumang-ayon na tiyakin na ang €37 milyon na ibinigay nila sa programang 'Women Leading Climate Action' ng GAGGA ay bahagi ng kampanyang ito.

Palapit sa COP26, naglunsad ang GAGGA, Global Greengrants Fund at WEDO ng '[Call to Action for Gender-Just Climate Finance](#)', na naka-ukol sa mga kinatawan ng pamahalaan na dadalo at makikipagnegosasyon sa COP26. Sa pamamagitan ng ating mga kaugnayan sa mga pamahalaan ng Canada, Netherlands, Sweden at United Kingdom, at sa pakikipagtulungan sa Equality Fund, nagsagawa tayo ng mga *bilateral* na pag-uusap sa mga kinatawan ng gobyerno upang isulong ang pananalapi para sa klima na makatarungan sa kasarian. Ang pakikipag-ugnayan ay nagpalakas ng mga relasyon sa mga pamahalaang ito at sa mga pangunahing kaalyado na maaaring suportahan tayo sa ating adbokasiya. Bilang karagdagan, ang WEDO sa pamamagitan ng Women and Gender Constituency, ay nagdaos ng serye ng *virtual* na pagsasanay sa adbokasiya para palakasin ang kapasidad ng mga peministang advocate na lumahok sa COP26.

Bilang bahagi ng Ford Foundation Natural Resources and Resilient Women Initiative, kinumpleto ng GAGGA ang pagmamapa at konsultasyon sa mga grupo, kolektibo at CBO, na pinamumunuan ng mga kababaihan at nagtatanggol sa kanilang lupain, teritoryo, at likas na yaman, para mas maunawaan kung paano tinutukoy ang karahasang istraktural, at ang kanilang mga estratehiya upang maiwasan at tugunan ito. Ang pagmamapa ay humantong sa isang [internal na ulat](#) pati na rin sa isang [publikasyon](#) na nakaukol sa mga *donor*. Kasunod ng ulat, nakakuha ang GAGGA ng karagdagang \$1 milyon na pang-tatlong taon mula sa Ford Foundation upang magbigay ng suportang pinansyal sa mga organisasyong pinamumunuan at binubuo ng (kabataang) kababaihan, babae, at trans, intersex at non-binary na mga taong nahaharap sa karahasang istraktural sa kanilang mahalagang gawain upang ipagtanggol ang lupain, teritoryo at kapaligiran.

4. Pagtitiyak ng kolektibo at inklusibong paraan ng paggawa

Mula nang magsimula ito, ang GAGGA ay gumamit ng pamamaraang interseksyonal at pagbubuo ng kilusan, tinitiyak na ang mga CBO na pinamumunuan ng mga kababaihan, babae, at trans, intersex at non-binary na mga tao — partikular na mula sa mga populasyon na sa kasaysayan ay hindi naisasama — ay may mga rekurso, kapasidad, kaalaman at mga koneksyon upang palakasin ang kanilang sariling mga solusyon sa krisis sa klima. Nilalayan ng GAGGA na tiyakin na ang mga organisasyong ito ay aktibong lumahok at may boses sa mga susing pagdedesisyon na direktang nakakaapekto sa kanila, sa kanilang mga komunidad at sa kanilang kapaligiran. Sa layuning iyon, kasama sa aming mga pagsisikap noong 2021, bukod sa iba pang mga bagay:

- Mga direktang paanyaya para sa partisipasyon ng mga kinatawan ng mga *partner* na CBO sa mga panel, kaganapan at pagpupulong at sa mga pangunahing espasyo ng pagdedesisyon sa lokal, pambansa at internasyonal na antas. Sa internasyonal na antas, kasama ang suporta ng mga *partner* na pondo, nagbigay kami ng mga kinakailangang kasanayan at rekurso, kabilang ang matatag na koneksyon sa internet, suporta sa pagsasalin, at magkasanib na paghahanda para sa epektibong pakikilahok.
- Pagsasalin ng mga publikasyon at napapanahong dokumento pati na rin ang sabayang interpretasyon sa mga sesyon sa wikang Ingles, Espanyol, Pranses at Portuges, sa minimum. Kung kaya, idinaragdag din ang Bahasa Indonesia, Hindi, Tagalog, Nepali, Georgian, Swahili at Mongolian.
- Pagtitiyak na ang mga kolektibong espasyo ay nakakapagsama ng mga *partner* sa iba't ibang time zone sa angkop na mga oras.
- Pagbabahagi ng mga *participatory*, inklusibo at peministang prinsipyo ng GAGGA, hal. sa pamamagitan ng isang video sa Ingles, Espanyol at Pranses tungkol sa kahalagahan ng pagsentro sa mga boses, kahilingan at mungkahi ng mga kababaihan, babae, at trans, non-binary at intersex na mga tao patungkol sa kanilang mga aksyon sa kapaligiran at klima, at pagtiyak na nasusuportahan ang kanilang pamumuno sa kanilang mapagtranspormang gawain.

Dahil sa bagong programa ng GAGGA at pagkakaroon ng dagdag na mga kaalyado, nagsagawa tayo ng masusing pagrepaso sa ating istraktura na may layuning higit pang palakasin ang

ating mga paraan ng paggawa at ang ating kakayahang tumugon sa mga bago at umuusbong na pangangailangan ng programa. Nagresulta ang proseso sa pagpapalakas ng yunit ng koordinasyon, mga hakbang tungo sa pagpapalakas ng koordinasyon sa antas ng rehiyon, at pagbuo ng istruktura ng *ad-hoc advocacy working group* upang matiyak ang pleksibilidad ng ating kolektibong pag-advokasiya. Tungkol sa huli, binigyan tayo ng COP26 ng magandang pagkakataon upang maisapraktika ang ideya. Matagumpay na naisagawa ng isang *ad-hoc working group* ng mga kinatawan mula sa Both ENDS, FCAM, Mama Cash, Global Greengrants Fund, 350.org at WEDO ang sumusunod:

- Paglulunsad ng serye ng blog na [‘Putting justice at the heart of climate action’](#) na tumakbo sa dalawang linggo ng COP26;
- Pag-oorganisa ng isang [side event ng COP26 tungkol sa pananalaping pangklima na makatarungan sa kasarian](#);
- Paglulunsad ng [Call to Action for Gender Just Climate Finance](#), na ibinahagi sa ating network ng mga kontak sa pamahalaan.

Ang malakas na pagtutulungan ang siyang nakapagpalabas ng ating mga kalakasan bilang isang kolektibo at nakapagtatag ng matibay na pundasyon para sa ating advokasiya para sa ating hakbang pasulong.

5. Pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Ugnayang Panlabas ng Netherlands

Ang GAGGA ay nalulugod na maging isang Estratehikong *Partner* ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas ng Netherlands. Ang mga tumampok sa ating pakikipagtulungan sa kagawaran noong 2021 ay ang sumusunod:

- Ang seryeng [‘Sustainable Solutions - Centering Gender Equality in Climate Action’](#), kung saan ang Kagawaran ay naging katuwang na sponsor at lumahok bilang pangunahing tagapagsalita.
- Paglikha ng espasyo para sa mga *partner* upang magbigay ng direktang *input* at makipag-usap sa mga kinatawan ng Dutch sa GCF Board gayundin sa Inter-American Development Board, na nagdadala ng mga kagyat na isyu na may kaugnayan sa limitadong inklusyon ng mga komunidad, na sa kasaysayan ay naisasantabi, mga paglabag sa karapatang pantao at kawalan ng *transparency*.
- Pakikipagtulungan sa mga embahadang Dutch upang bumuo ng kamalayan sa mga partikular na kaso at kontekstong kinikilusan ng mga *partner* ng GAGGA. Halimbawa, kasama ang ambassador ng Dutch sa Democratic Republic of Congo, nakapag-organisa tayo ng isang pulong upang direktang marinig mula sa mga *partner* ng GAGGA ang tungkol sa mga epekto ng Inga 3 Hydropower Project. Pagkatapos ng pulong na ito, ipinagpatuloy ng embahada at ng mga grupong nagtataguyod laban sa Inga 3 ang kanilang pakikipag-ugnayan.
- Pakikipag-ugnayan sa gobyernong Dutch at Parlyamento sa mga isyu ng kasarian, klima at *biodiversity* sa pamamagitan ng patnubay ng Both ENDS at Mama Cash, kabilang ang sa pamamagitan ng publikasyong [Intrinsically Linked: gender, equality, climate and biodiversity](#), na kinabibilangan ng mga susing rekomendasyon patungo sa COP26.

Konklusyon

Ang unang taon ng programang ‘Women Leading Climate Action’ ng GAGGA ay nagresulta sa makabuluhang tagumpay, sa kabila ng mga mahihirap na kalagayan. Naabot at nasuportahan natin ang iba’t bang grupo ng mga CBO na pinamumunuan ng mga kababaihan na silang nangunguna sa transpormatibong pagkilos hinggil sa klima na makatarungan sa kasarian, kabilang ang mga bansang bago sa programang GAGGA, tulad ng Brazil, Mexico at South Africa. Pinalakas natin ang ating mga relasyon sa mga *partner* sa pamamagitan ng sama-samang pag-aaral at advokasiya para sa katarungan sa klima, at pinamunuan at sinuportahan natin ang mas naka-*target* na advokasiya na nakaukol sa mga pamahalaan, *donor* at mamumuhunan. Nasasabik tayong buuin ang momentum na ito sa 2022 at sama-samang abutin ang mahahalagang pagbabago sa sistemang kinakailangan para sa hustisya sa kasarian, kalikasan at klima.



Litrato: Farini Manchanda



For more: www.gaggaalliance.org | Collage images: [@Naandeyeah](#) | Publication design: [Christina Pfeifer](#)